Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Quezon
**BAYAN NG POLILLO**
**-ooOoo-**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

---

**HALAW BUHAT SA KATITIKAN NG IKA-WALUMPU'T TATLONG (83) PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG POLILLO, QUEZON NA IDINAOS SA BULWAGANG PULUNGAN SA GUSALI NG PAMAHALAANG BAYAN NG POLILLO, NOONG PEBRERO 15, 2021, GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang Rufino Rene Q. Marquita, | Pangalawang Punong Bayan at Tagapangulo, |
| Kagalang-galang Rudy S. Pumarada, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Albert R. Agunias, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Cipriano A. Susa, Jr., | Konsehal, |
| Kagalang-galang Joel V. Asis, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Bella A. Correces, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Claro A. Marasigan, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Hubert Bismarck A. Espiritu, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Ronald R. Madriñan, | Pangulo-PPLB/Ex-Officio, |
| Kagalang-galang Ian Kristoffer R. Del Moro, | Pangulo-PPSK/Ex-Officio. |

**HINDI DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang Judy Rev V. Verzosa, | Konsehal. |

**RESOLUSYON BLG. 013-2021**

**ISANG RESOLUSYONG MAGALANG NA HUMIHILING KAY ATTY. MARIA ROWENA S. HUBILLA, DIRECTOR, DOMESTIC SHIPPING SERVICE, MARITIME INDUSTRY AUTHORITY (MARINA) CENTRAL OFFICE AT KAY G. EMMANUELLE B. CARPIO, REGIONAL DIRECTOR, MARINA BATANGAS, NA MAIGAWAD ANG REAL-POLILLO-REAL MISSIONARY ROUTE (ISA SA 19 NA MISSIONARY ROUTES NA BINUKSAN NG MARINA NOONG IKA-5 NG PEBRERO 2019) SA CALUCIN SHIPPING LINES NA PAGMAMAY-ARI NG LEHITIMONG MAMAMAYAN NG BAYAN NG POLILLO, QUEZON NA SINA G. RONALD T. CALUCIN AT GNG. AIDA U. CALUCIN**

**SAPAGKA'T,** ang islang Bayan ng Polillo at Burdeos, Quezon na may humigit-kumulang 60,000 populasyon at tanging umaasa lamang sa transportasyong pandagat upang mailabas at maipasok ang mga produkto, serbisyo at mga pasahero galing at pagpunta sa isla;

**SAPAGKA'T,** ang Bayan ng Polillo at karatig bayan ng Burdeos ay nakadepende lamang sa limitadong bilang at mababang kapasidad ng transportasyong pandagat mula sa ilang lokal na kumpanya na may mababang kapasidad (gross tonnage) at kadalasang hindi pinahihintulutang makabyahe ng Philippine Coast Guard (PCG) sa tuwing may nakataas na "gale warning" sa karagatang nasasakupan ng Polillo, Quezon;

ENGR. CRISTINA E. BOSQUE
Punong Bayan

RUFINO RENE Q. MARQUITA
Pangalawang Punong Bayan
at Tagapangulo

MEDICINE C. ASIS
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

**SAPAGKA'T,** dahil sa nangyaring trahedya sa dagat noong ika-21 ng Disyembre, 2017 kung saan mga mamamayan ng aming bayan ang mga naging biktima, ay mas naging maigting ang klamor at pangangailangan sa isang matatag, tiyak at ligtas na sasakyang pandagat na may kakayahang bumiyahe sa poanahon na may mga itinataas na "gale warning" ang DOST/PAG-ASA;

**SAPAGKA'T,** ang madalas na pagkansela sa mga biyaheng pandagat dahil sa "gale warning" ay lubhang napakalaki ang mga negatibong epekto sa ekonomiya, serbisyo, turismo at pag-unlad ng aming bayan;

**SAPAGKA'T,** noong ika-5 ng Pebrero 2019 ay binuksan ng MARINA ang labinsiyam (19) na panibagong Roll-On/Roll-Off (RORO) Missionary Routes at nakasama dito ang ruta para sa Real-Polillo/vice-versa;

**SAPAGKA'T,** sa kabila ng mga puspusang pagpupursigi at pakikipag-dayalogo ng mga Opisyales ng Lokal na Pamahalaan ng Polillo sa nakaraaang ilang taon sa mga "potential shipping line investors" kagaya ng Star Horse, VIVA at Montenegro Shipping Lines, ay hindi nagkaroon ng katuparan ang pagtatalaga ng kahit isang RORO Vessel man lang dito sa bayan ng Polillo, bagaman at mayroong isang panahon na nagkaroon dito pero hindi din naman nagtagal at umalis din dahil sa pagkalugi nila;

**SAPAGKA'T,** ang Calucin Shipping Lines, isang rehistradong Domestic Shipping Company na may Certificate No. SDS-2006-003-010 (2021-MRO IV) at pagmamay-ari ng mag-asawang sina G. Ronald T. Calucin at Gng. Aida U. Calucin, mga tubo at lehitimong mamamayan ng Bayan ng Polillo, ay nagpagawa na ng isang "brand new RORO" na inaasahang ilulutang at dadalhin na dito sa aming bayan hanggang sa katapusan ng buwan ng Marso 2021;

**SAPAGKA'T,** marapat lamang na tulungan, suportahan at bigyang proteksyon at pagpapahalaga ang pagtugon ng Calucin Shipping Lines sa panawagan ng mga mamamayan at ng mga nanunungkulan sa napakatagal nang pangangaiangang ito ng aming bayan at lubos kaming naniniwala at nakatitiyak na kung sa kanila maigagawad ang "Missionary Route" ay hindi nila ito iiwan at pababayaan dahil lehitimo silang mamamayan ng aming bayan na naghahangad din ng pag-unlad ng ekonomiya, transportasyon, turismo at serbisyo para sa kapakanan ng mga mamamayan ng Polillo;

**KUNG KAYA AT DAHIL DITO**, sa nagkakaisang mungkahi ng Komite sa Transportasyon at Komunikasyon, sa pangunguna ni Kon. Bella Abcede-Correces/Tagapangulo, na sinang-ayunan ng lahat, ay:

**PASIYAHAN**, tulad ng dito ay ipinasisiya, na pagtibayin tulad ng dito ay pinagtitibay, na magalang na hilingin kay Atty. Maria Rowena B. Hubilla, Director Shipping Service, Maritime Industry Authority (MARINA) Central Office at kay G. Emmanuel B. Carpio, Regional Director, MARINA Batangas, na maigawad ang Real-Polillo-Real Missionary Route (isa sa 19 na Missionary Routes na binuksan ng MARINA noong ika-5 ng Pebrero 2019) sa Calucin Shipping Lines na pagmamay-ari ng lehitimong mamamayan ng Bayan ng Polillo, Quezon na sina G. Ronald T. Calucin at Gng. Aida U. Calucin;

ENGR. CRISTINA E. BOSQUE
Punong Bayan

RUFINO REME Q. MARQUITA
Pangalawang Punong Bayan
at Tagapangulo

MEDICINE C. ASIS
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

**PASIYAHAN PA,** na ipadala ang Resolusyong ito kay Atty. Maria Rowena B. Hubilla, Director, Domestic Shipping Service, MARINA Central Office at kay G. Emmanuele B. Carpio, Regional Director, MARINA Batangas, para sa kanilang pagsasaalang-alang sa kahilingang ito at bigyan ng sipi ang mga kinauukulan para sa kanilang kaalaman tungkol sa bagay a ito.

**PINAGTIBAY NG LAHAT.**
Pebrero 15, 2021

x----------------------------------------------------------------------------------------------------x

*Pinatutunayan ko alinsunod sa itinatadhana ng Seksyon 54 at 469 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 na pinagtibay ng Sangguniang Bayan ang* ***Resolusyon Blg. 013-2021*** *sa petsang binabanggit sa unahan nito.*

**MEDICINE C. ASIS**
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

**PINATUTUNAYANG WASTO AT GANAP NA PINAGTIBAY:**

**RUFINO RENE Q. MARQUITA**
Pangalawang Punong Bayan at Tagapangulo

**LUBOS NA PINAGTIBAY:**

**ENGR. CRISTINA E. BOSQUE**
Punong Bayan

*Sinipi noong:*
***Pebrero 22, 2021***